DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

---

# Re: Joselito Paeg

1 message

---

**Joselito Paeg** <joselitopaeg@gmail.com> Thu, Aug 12, 2021 at 3:34 PM
To: DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>
Cc: R4B PENRO Palawan <penropalawan@denr.gov.ph>

Magandang araw po,

Maam / Sir 'yan po ang aking kasagutan sa sulat na pinadala po sa akin ng Cenro Coron na nai-released noong July 28, 2021 at nareceived no noong August 4, 2021.

Please see attached photo.

Maraming salamat po.

On Wed, Jul 28, 2021, 10:21 AM DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph> wrote:

> Mam/Sir,
>
> This is to acknowledge receipt of your email. Please be informed that your email was forwarded to the Legal Division for their information and appropriate action per Document Tracking Number E-2021-68696.
>
> Thank you.
>
> mmmacarandang
> PMD/RICTU Staff
>
> On Wed, Jul 28, 2021 at 5:21 AM Joselito Paeg <joselitopaeg@gmail.com> wrote:
>
>> Sa mga Kinauukulan,
>>
>> Ma'am/ Sir Magandang araw po.
>>
>> Itatanong ko lang po bakit wala po kaming natanggap (Pamilya Paeg) na Memorandum mula sa Cenro Coron na may Subject na REQUEST FOR NON RENEWAL/ CANCELLATION OF THE ISF AREA AWARDED TO A CERTAIN JOBERT PAEG WITH CERTIFICATE OF STEWARDSHIP NO. 042301803 na may date na May 03, 2021?
>>
>> Tama po ba na kami na naka cc (carbon copy) sa memorandum ay Hindi nyo man lang nabigyan ng kopya, pero ang Pamilya Abucay nagkaroon ng kopya?
>>
>> Sino po ang nagbigay sa Pamilya Abucay ng kopya ng memorandum na iyan?
>>
>> Maraming Salamat po.
>>
>> On Thu, Jul 22, 2021, 11:57 AM Joselito Paeg <joselitopaeg@gmail.com> wrote:
>>
>>> Thank you for your assistance.
>>>
>>> On Wed, Jul 21, 2021, 1:59 PM DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph> wrote:
>>>
>>>> Mam/Sir,
>>>>
>>>> This is to acknowledge receipt of your email.
>>>>
>>>> Please be informed that your email was forwarded to the Office of the Regional Executive Director for their information and appropriate action.
>>>>
>>>> Thank you.
>>>>
>>>> mmmacarandang
>>>> PMD/RICTU Staff
>>>>
>>>> On Tue, Jul 20, 2021 at 4:25 AM Joselito Paeg <joselitopaeg@gmail.com> wrote:
>>>>
>>>>> Sa mga Kinauukulan.,

Magandang araw po.,
Ito po ang aking kasagutan at mga katanungan sa sulat na mula sa CENRO Coron na ni Released noong May 04, 2021.

1) Bakit ngayon nyo lang po kinu-question ang edad ng ate ko?
Samantalang DENR Personnel rin po ng Coron ang nagsukat at nag issue ng Certificate of stewardship.
Bago po dumating ang stewardship program ng DENR ay Actual Occupant na po kami dito mula pa sa Tatay ko (Jose Paeg) at may mga pananim na. Hindi po namin pinabayaan ang lugar na ito dahil patuloy naming tinamnan., at ipinaglaban sa husgado ng Magulang ko noong unang pumasok ang pamilya Abucay noong taong 1995 at nakamit namin ang katarungan noong taong 1998.
Kung kailan halos puno na ng pananim bago nyo questionin ang edad ng ate ko., Dahil ba may illegal na pumasok sa loob ng aming bakuran at ayaw nyong paalisin kaya kami na nakaposisyon at may tanim ang hinahanapan nyo ng violation?

Base po sa inyong kredibilidad alin po ba ang hindi nararapat? ang naibigay sa menor de edad ngunit halos puno ng pananim o sa tamang edad ngunit wala namang pananim o kaya wala pang 10% ang nataniman sa loob ng 25 taon?

2) Bakit ngayon nyo lang po kinu-question ang pagkakamali sa ilang letra ng pangalan ng Ate ko?
Dahil ba sa hindi kami pumayag sa Win-Win solution na gusto nyo?
Kung may pagkakamali man sa ilang letra ng pangalan ng ate ko, Bakit kami po ang may violation? samantalang hindi naman kami ang nag type ng Jobert.
Kung ihahambing naman po hamak na mas malaki pagkakamali ng nagtype ng Jobert sa halip na Joveth kaysa sa pirma na Joveht.,
ngunit sa palagay ko po anuman ang pagkakaiba ng ilang letra ang mahalaga bago dumating ang certificate of stewardship kami ang nakaposisyon hanggang sa kasalukuyan.

3) Nasaan po yung mga legal na dokumento sa tinutukoy nyong substantial evidence?

3.1) Ayon po sa pagkakaunawa ko dito sa sulat nyo ay si Jonel Tano at Isabel Paeg Lozano (Isabel Lozano Paeg) ang nagbenta kay Rodel Cataylo., ang pinagtataka ko, Bakit po kami ang may violation ng Transferring the certificate of stewardship to other persons through sale? Samantalang wala naman kaming ibenenta.

3.2) Sa pamunuan po ng DENR sana makapagpadala po kayo ng mga DENR Personnel na may dekalidad na Kredibilidad dito po sa bayan ng Coron upang imbestigahan lahat ng mga certificate of stewardship. At umpisahan nyo po dito sa Brgy. Decabobo upang malaman nyo kung kaninong mga certificate of stewardship ang halos puno ng tanim at walang tanim.
At higit sa lahat sino ang mga nagbenta ng certificate of stewardship at sino ang nagsusukat ng mga public land upang maibenta.

3.3) Kung pasok man ang bakod ni Rodel Cataylo sa ISF area ng Ate ko sa dahilang sumunod lang po kami at nirespeto namin ang itinuro na boundary ng magulang ko at tiyahin namin na si Isabel Paeg., kaya ng maglagay ng bakod si Cataylo hindi namin kinuwestyon dahil tunay naman na ang mga tanim na ipinasok nya sa bakod nya ay pag- aari ni Isabel Paeg.
Kaya pasok man sa ISF ng ate ko ang area kailanman hindi namin naisipan na kamkamin ang tanim na hindi namin pinagpaguran., ngunit wala pong binigyan ang pamilya ko ng pahintulot na patungan ng sukat ang ISF ng ate ko dahil tanging DENR Personnel po ang nakakaalam pagdating sa pagsusukat.
Kaya dapat matuto po sana na bago magsukat paalamin nyo lahat ng nakaposisyon sa paligid ng susukatin ninyo at sa mga nag approved matuto po kayo na i-validated yung mga sinusukat ng inyong mga tauhan., dahil imposibleng hindi nyo makikita na pumatong na ang sukat ni Cataylo sa ISF ng ate ko.
Sana po bago nyo tignan ang mga sinasabi nyong violation namin siyasatin nyo po munang mabuti ang inyong mga tauhan.

3.4) Sino po ba ang nagsukat at nag approved ng sukat ni Cataylo Parcel 1 and 2?
Bakit po nila pinatungan ng sukat ang ISF ng ate ko?

3.5) Gaano po ba ka- accurate ang bawat detalye sa Mapa na ito na naka-attached sa sulat nyo sa akin noong May 04, 2021?

3.6) Bakit hindi nyo man lang po ni identify dito sa Mapa kung saan ang actual na bakod namin (Pamilya Paeg) at actual na bakod ni Cataylo?
At higit sa lahat Nasaan po yung ginawang bakod ng Pamilya Abucay noong October 13, 2020?
Kaya nga po sinukat ng mga tauhan nyo noong October 13, 2020 ang ISF ng ate ko para makita kung pasok nga ba sa nasabing ISF ang binakod ng pamilya Abucay. Bakit hindi nyo magawang i-identify?

Sana po matuto kayo na i-identify o ipaliwanag yung mga mahahalagang detalye upang maunawaan ng bawat isa.

4) Ang sabi nyo po sa sulat Win-Win solution is a common practice being applied for land disputes...
Inuulit ko po bago dumating ang ISF ay actual occupant na kami at may mga pananim na.,
Taong 1991 nang mai-award sa ate ko ang certificate of stewardship.,

Taong 1995 unang pumasok ang pamilya Abucay at nagtayo ng bakod kaya ipinaglaban ng Magulang ko at umabot sa korte (Municipal Trial Court).

Taong 1998 nakamit namin ang katarungan at hindi umapela sa Regional Trial Court ang pamilya Abucay kaya patuloy naming tinamnan.
Ngunit October 13, 2020 muling pumasok ang pamilya Abucay ng may dahas at nagtayo ng bakod at kubo, agad na pumunta ng araw na iyon ang inyong mga tauhan na sina Ferdinand Gatchalian at iba pa dahil sa tawag raw ni kapitan Joaquin Ortega Jr. kaya kahit walang utos ang inyong pamunuan agad silang pumunta.
Umasa po kami na puprotektahan nila kami dahil alam naming DENR ang ahensya na nakakasakop sa ISF kaya itinuro namin ang actual na hangganan namin sa bandang silangan at kanluran at yung itinayong bakod ng pamilya Abucay upang mapatunayan namin sa kanila na pasok sa ISF ng ate ko ang binakod ng pamilya Abucay.
Ang nakakapagtaka ng mapatunayan nila na pasok sa ISF ng ate ko ang binakod ng pamilya Abucay isang Win-Win solution lang pala ang nais nila at nang hindi kami pumayag sa gusto nila, kami na nasa position, may bakod, may mga pananim, may hawak ng desisyon ng korte at may sukat mula sa DENR kami ang binigyan ng mga violation. Makatarungan po ba 'yan?

4.1) Tama po ba na i-apply nyo sa isang sitwasyong tulad ng usaping ito ang Win-Win solution?

5) Sa pagiging expired po ng Stewardship Contract sa palagay ko po yung mga tauhan nyo dito sa bayan ng Coron ang higit na may pagkukulang sa dahilang sila na nasa ahensya ang higit na nakakaalam sa tamang proseso.
Kaya nga po sana matuto na ipaliwanag ng tama at makatotohanan sa mamamayan ang tamang proseso o sistema ng bawat usapin., wag po sana na kung kailan may problema at di nasunod ang gusto lalong guguluhin ang problema sa pamamagitan ng paghahanap ng mga violation.
Mga violation na kung sisiyasatin po nating mabuti ng makatarungan ay tanging mga tauhan nyo rin ang pinagmulan.
Kung nagkaroon man po kami ng pagkukulang o pagkakamali ay yung nagtiwala kami sa bawat katagang binibitawan ng inyong mga tauhan., at higit sa lahat ay yung kakulangan namin sa kaalaman.
Kaya nga po sinisikap ko na pag- aralan ang usaping ito sa pamamagitan ng pagtatanong po sa inyo upang malaman ko ang tamang sistema o proseso upang matulungan ko ang aking mga kapamilya. ngunit Meron po ba akong aasahan na mga kasagutan sa bawat katanungan ko? mula sa sulat ko noong December 11, 2020., kahit sa pamamagitan lang po sana ng email ko.

6) Papaano po ba ang tamang proseso ng pag renew ng Certificate of Stewardship?
dahil ayon po kay Ferdinand Gatchalian maghintay lang dahil i-evaluate pa nila ang bawat stewardship. Kaya noong pagkatapos i-evaluate ang certificate of stewardship ng ate ko noong 2019 pumunta kami ng Nanay ko sa opisina ng DENR upang mag renew at si Glen Managdag ang nakausap namin, ang sabi nya maghintay lang kami dahil pinadala pa nila sa Region ang report ng evaluation nila sa area at sa region manggagaling ang form kung qualified for renewal ang area at yung ibang stewardship maghintay lang dahil i-evaluate pa nila. At sinabihan pa nga kami na bakit ba kayo nagmamadali maghintay lang kayo.

7) Sa pamunuan po ng PENRO at Regional Executive Director tama po ba na walang natanggap ang CENRO Coron na memorandum dated January 5 2021? At walang natanggap na instruction mula sa PENRO pertaining to the memorandum dated March 24, 2021 of the Regional Executive Director?

Maraming Salamat po at umaasa po ako sa makatarungan ninyong aksyon at kasagutan.

Joselito Paeg

--

**OFFICE OF THE REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR**
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**MIMAROPA REGION**
P: (02) 8248-3367/ 8248-3468
A: DENR by the Bay Bldg., 1515 L&S, Roxas Blvd., Ermita, Manila 1000
W: http://mimaropa.denr.gov.ph/

E: mimaroparegion@denr.gov.ph

--

**OFFICE OF THE REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR**

**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**MIMAROPA REGION**

P: (02) 8248-3367/ 8248-3468
A: DENR by the Bay Bldg., 1515 L&S, Roxas Blvd., Ermita, Manila 1000
W: http://mimaropa.denr.gov.ph/
E: mimaroparegion@denr.gov.ph

**5 attachments**




**KIMG0063.jpg**
2116K



**KIMG0068.jpg**
2189K



**KIMG0064.jpg**
1928K



**KIMG0067.jpg**
2190K

**KIMG0069.jpg**
1772K

Copy furnished:

penropalawan@denr.gov.ph

denr.mimaropa@gmail.com

Punong Barangay

Brgy. Decabobo coron palawan